

# Iginiit na Himig sa Himpapawid: Musikang Filipino sa Radyo sa Panahon ng Kolonyalismong Amerikano<sup>1</sup>

Elizabeth L. Enriquez

## Abstrakt

Naging mahalagang kasangkapan ang radyo upang mapalaganap ng mga Amerikano ang wikang Ingles at musikang kanluranin noong panahon ng kolonyalismong Amerikano sa Pilipinas sa unang bahagi ng ika-20 siglo. Ngunit nang buksan nila ang mga unang himpilan ng radyo sa bansa noong dekada beynte at treynta, kinailangan nila ang mga mang-aawit at musikerong Filipino upang awitin at tugtugin ang mga himig nila sa himpapawid. Ito ang naging daan upang maisingit ng mga Filipino ang sariling awit at maging ang sariling wika sa kanilang mga programa sa radyo. Kaya bagama't naging popular ang jazz at iba pang banyagang musika sa pamamagitan ng radyo, pumailanlang rin ang kundiman at iba pang musikang maituturing na sariling atin, at maging ang mga bagong himig Filipino na may bahid ng kanluraning musika. May mga pagkakataon na sumahimpapawid ang ilang awiting taglay ang paglaban sa kolonyal na kondisyon.

Keywords: Colonial radio, Filipino music, Tagalog language, resistance on the air

## Abstract

Radio broadcasting, which the Americans introduced to the Philippines in 1922, was quite successful in its project of promoting the English language and western music during the American colonial period. Apart from playing imported music on the air, radio featured Filipino musical artists deftly performing western pieces. However, the new medium also became an opportunity to re-express Filipino music and Philippine languages, especially Tagalog, to a nationwide audience. A flowering of the kundiman and Philippine folk songs was attributed to radio, while local composers who scored movies created new kundiman pieces, even if some adopted the American idiom of jazz. In notable cases, songs that posed a radical resistance to the colonial condition were heard on the air.

Keywords: Colonial radio, Filipino music, Tagalog language, resistance on the air

## Plaridel Open Access Policy Statement

As a service to authors, contributors, and the community, *Plaridel: A Philippine Journal of Communication, Media, and Society* provides open access to all its content. To ensure that all articles are accessible to readers and researchers, these are available for viewing and download (except Early View) from the *Plaridel* journal website, provided that the journal is properly cited as the original source and that the downloaded content is not modified or used for commercial purposes. *Plaridel*, published by the University of the Philippines College of Mass Communication is licensed under Creative Commons Attribution-NonCommercial-NoDerivatives 4.0 International License (<https://creativecommons.org/licenses/by-nc-nd/4.0/legalcode>).

## How to cite this article in APA

Enriquez, E. L. (2020). Iginiit na himig sa himpapawid: Musikang Filipino sa radyo sa panahon ng kolonyalismong Amerikano. *Plaridel*. Advance online publication. <http://www.plarideljournal.org/article/iginiit-na-himig-sa-himpapawid-musikang-filipino-sa-radyo-sa-panahon-ng-kolonyalismong-amerikano/>

Taong 1922 nang magsimula ang mga unang eksperimento ng brodkasting sa Pilipinas, bagama't ilang taon nang gamit ang teknolohiya ng radyo sa komunikasyong telegrapo, na tinawag na *wireless telegraphy*, na sa halip na gumamit ng mga kableng nakalatag sa ilalim ng dagat na pinagdugtong-dugtong ang mga bansa ay gumamit ng himpapawid upang magpadala ng mga mensahe (Thompson, n.d.; "Transportation and Communication in P. I.," n.d.). Mahigit dalawang dekada nang sakop ang bansa ng Estados Unidos, at sa kabila ng patuloy na paghihimagsik ng ilang Filipino laban sa mga mananakop na humalili sa mga naunang mananakop na Espanyol, unti-unti nang tumitibay ang pagkakataanim ng mga dayuhang Amerikano sa bansa. Tuwang-tuwa ang mga Amerikanong administrador at negosyante sa pagdating ng komersiyal na brodkasting, na nahuli lamang nang wala pang dalawang taon sa unang komersiyal na radyo sa Amerika, ang KDKA sa Pennsylvania (Barnouw, 1966). Sabi ng American Chamber of Commerce in the Philippines, napakabuti ng ibubunga ng pagkakaroon ng radyo sa bansa dahil ito'y magagamit para sa kaunlaran at edukasyon ("Radio in the Philippines," 1922). Inasahan din na ang radyo ay lalago bilang negosyo. Dagdag pa nila, dahil sa radyo, bawat nayon, gaano man kaliit at kalayo, ay kagyat na maiuugnay sa sentro ng negosyo, industriya, edukasyon, at lipunan. Anila, dahil maipararating ng radyo sa lahat ng sulok ng bansa ang balita, mga talumpati o lektyur sa iba't ibang paksa, mga konsiyerto, at anumang impormasyon, mapag-iisa ang bayan at, bunga nito, ay magiging higit na mahusay ang pagpapatakbo nito. Pampasigla raw ang radyo ng sibilisasyon at kaunlaran, kaya matindi ang pag-asa ng mga negosyanteng Amerikano na makatutulong ito nang malaki sa kalakalan ("Radio in the Philippines," 1922).

Inasam naman ng mga namuhunan sa pagtatayo ng radyo na maliban sa pagtaguyod ng radyo sa mga negosyo, ito mismo ay mapagkakakitaan nang malaki. Inasahan din ng administrasyong kolonyal ang bagong teknolohiya ng komunikasyon. Katunayan, nang dumating si Gobernador-Heneral Theodore Roosevelt Jr. sa Maynila noong 1932, iminungkahi niyang gamitin ang radyo sa pagpaparating ng impormasyon sa mga malalayong lugar sa kapuluan ("Roosevelt urges Philippines extend radio to the villages," 1932). Inutusan niya ang mga pamahalaang lokal na bumili ng radyo at ilagay ito sa mga plaza upang makapakinig ang lahat ng mga brodkast mula sa Maynila. Mabuting sagot aniya ito sa kakulangan ng transportasyon sa kapuluan, na dahilan kaya hindi nararating ng mga diyaryo at magasin ang lahat. Sa tantiya niya, hindi hihigit sa 200 libo ang nararating ng tatlong diyaryo at dalawang lingguhang magasin. Sa panahong nabanggit, 13 milyon na ang populasyon ng bansa ("Roosevelt urges Philippines extend radio to the villages," 1932). Bukod dito, hindi gaya ng diyaryo, hindi kailangang marunong bumasa

upang makinig sa radyo, kaya itinuring na mas epektibo ang radyo kaysa mga babasahin.

Sa totoo lang, hindi naman bago ang utos ni Roosevelt. Tatlong taon bago siya dumating, simula pa noong 1929, ay namamahagi na ng radyo ang administrasyong kolonyal bilang kasangkapan sa paghulma ng kamalayan ng mga Filipino upang matanggap ng mga ito ang uri ng estrukturang politikal o demokrasyang dala ng mga Amerikano (“Roosevelt urges Philippines extend radio to the villages,” 1932). Kung tatanggapin at yayakapin ng mga Filipino na kailangan natin ang kulturang Amerikano upang umunlad at maging makabago, mabibigyan ng katwiran ang pananakop nila sa bansa. Mahalagang aparato ang radyo sa paglalapat ng ideolohiyang kolonyal sa ating bansa. Sa ganang akin, ang kabuluhan nito ay kapantay ng kabuluhan ng sistema ng paaralang pampubliko at estrukturang politikal na itinayo ng mga Amerikano sa Pilipinas. Batay sa kaayusan ng mga institusyong Amerikano, hinubog ng mga sistema ng paaralan, gobyerno, at maging ng radyo ang pagtingin ng maraming Filipino sa sarili nila bilang “brown Americans.” Sabi nga ng isang awtor, napabilis ng radyo at musikang Amerikano ang proseso ng pagpapaamo sa mga Filipino (Yson, 1995). Dagdag pa niya, ang hindi nagawa ng mga Amerikano sa pamamagitan ng baril, nagawa nila sa pamamagitan ng kanilang musika.

Isa sa mga deskarte ng radyo ang gawing kahali-halina ang mga brodkast nito upang hangarín ng mga Filipino na maging katulad sila ng mga Amerikano. Halimbawa, nang unang sumahimpapawid ang KZRH noong 1939, lahat ng mga anawnser nito ay mga Amerikanong brodkaster sa Estados Unidos (“A 60-year history of leadership,” 1999). Ang layunin nila ay upang magkaroon ng tinawag nilang “genuine American accent” ang estasyong binansagang “Voice of the Philippines.” Wika ng KZRH, malaking tulong ito sa edukasyon sa bansa dahil matuturuan daw ng estasyon ang mga Filipino ng wastong paggamit at bigkas ng wikang Ingles. Kaya’t ang tinawag na Voice of the Philippines ay “voice of America” pala. Itong “voice of America” na ito ay narinig sa mga kabahayan, mga plaza, at kung saan may radyo. Karamihan ng programa ay pang-aliwan, na ang tunog at estilo ay ginaya sa mga programa sa radyo sa Estados Unidos sa panahong iyon. Mga Amerikano ang nangasiwa sa mga estasyon; gayundin ang mga unang anawnser, mang-aawit, musikero, at maging ang mga tekniko at inhenyero. Kaya’t tunog Amerikano ang pananalita, pag-awit, at maging ang teknikal na pamantayan ng signal ng radyo.

Sadya ngang nakatulong sa pagpapalaganap ng wikang Ingles ang mga programa gamit ang wikang ito. Tampok sa halos sitenta porsiyento ng mga palatuntunan ang iba’t ibang uri ng musika, kasama ang musikang pansayaw at mga paligsahan sa pag-awit (Enriquez, 2008). May mga pagbasa ng mga

tula at iba pang panitikan, kasama ang mga dulang pang-entablado, at mga maiikling dulang katatawanan. May mga panayam at, kahit hindi nakikita ng mga tagapakinig, may mga programang naglarawan ng mga paligsahan sa palakasan o isports. May ilang minutong iniukol sa balita at paminsan-minsan ay live coverage ng ilang okasyon gaya ng pagbubukas ng sesyon ng National Assembly.

Sa mga unang taon ng radyo noong dekada beynte hanggang panimula ng dekada treynta, tinustusan ng kolonyal na pamahalaan ang ilang gastusin ng mga estasyon (“New hands at controls,” 1938). Ngunit hindi naglaon at nagsimulang kumita ang negosyo ng radyo lalo na nang dumami ang patalastas o adbertaysing sa radyo—adbertaysing hindi lamang ng mga produktong gawa sa Pilipinas kundi lalo na ng mga produktong inangkat mula sa Estados Unidos. Ang mga unang nag-adbertays ay yaong mismong mga may-ari ng mga estasyon na may-ari rin ng mga department store. Sila kasi ang mga unang nagtayo ng estasyon ng radyo upang magsilbing tagaadbertays ng kanilang paninda. Halimbawa, ang KZRH ay itinayo ng Heacock’s department store, na may sari-saring paninda gaya ng pluma o fountain pen at mga gamit sa opisina at eskuwela, mga damit, mga kagamitan sa bahay gaya ng repriheradora o refrigerator, at maging mga baril (“Trader on the air, in The Philippines Free Press,” 1939). Nang maging popular ang radyo, nag-adbertays na rito ang mga negosyong dati ay sa peryodiko at magasin lang nag-aadbertays.

Bandang kalagitnaan ng dekada treynta, itinuring na ang radyo bilang “super salesman” ng maraming bilihan. Napatunayan ng mga negosyante kung gaano kagaling magbenta ang radyo sa pamamagitan ng adbertaysing kaya dumami ang mga negosyong nanúyo sa mamimili sa pamamagitan ng radyo (*Foto News*, 1937). At upang mahalina ang mga tagapakinig na patuloy na makinig, kinailangang punuin ang himpapawid ng mga programa mula madaling araw hanggang hatinggabi, araw-araw. Tinatayang isandaang oras ng programa kada linggo ang kinailangang i-prodyus ng bawat isa sa apat na estasyon noong dekada treynta. Upang hindi magsawa ang mga tagapakinig, kailangan palaging may bagong naririnig sa himpapawid. Kabilang dito ang pagpapatugtog ng mga plaka ng musika at maging plaka ng mga rekording ng buong programa mula sa Estados Unidos. Ipinadala ang mga plaka sa Pilipinas mula sa Estados Unidos sa pamamagitan ng koreo, ngunit nang magkaroon ng teknolohiyang shortwave radio noon ding dekada treynta, may ilang programa sa Estados Unidos ang direktang naibroadcast sa Pilipinas sa pamamagitan ng shortwave, na kayang magbato ng tunog ng radyo mula sa malalayong lugar. Bukod sa musikang popular mula sa Amerika, tanyag rin sa radyo ang musikang Latina, tulad ng rhumba at tango, at mga klasikal na piyesa mula sa Europa (Enriquez, 2008).

Subalit kulang ito upang punan ang maraming oras sa himpapawid. Kaya't sa kabila ng layuning gamitin ang radyo upang palaganapin ang kulturang Amerikano sa Pilipinas, at dahil sa walang humpay na pangangailangang magprodyus ng bagong programa sa radyo, nagkaroon ng pagkakataon ang mga himig at awit sa Pilipinas at maging mga mang-aawit at musikerong Filipino na sumahimpapawid at sumikat sa radyo. Nagsimula ito noong patapos pa lamang ang dekada beynte. Bumuo ng mga koleksiyon ng plaka ang mga estasyon ng radyo at kabilang dito ang mga isinaplakang awitin ng mga Filipinong mang-aawit. Noong dekada diyes pa lamang, isinaplaka na ng dalawang kompanya ng plaka, ang Victor Records at Columbia Records, ang ilang awiting bayan ng Pilipinas upang ibenta sa dumaraming mga Filipino na nagtatrabaho sa mga malalaking asyenda sa Estados Unidos. Dinala ng Victor at Columbia ang ilan nating mang-aawit sa Estados Unidos at doon sila nagrekord o nagsaplaka (N. Vera Cruz, personal na panayam, Abril, 17, 2005). Habang naroon ay umawit rin nang live sa ilang estasyon ng radyo, at dito sila ay nakagiliwan. Upang mabawi ang puhunan at kumita pa nang higit, ipinadala ng Victor at Columbia sa Pilipinas ang mga plakang nabanggit upang ibenta rito (N. Vera Cruz, personal na panayam, Abril 17, 2005), sa Erlanger & Galinger Department Store, na may-ari ng estasyong KZEG, at IBeck Department Store, na may-ari ng estasyong KZIB.

Isa sa mga plakang ito ang awiting "Ang Maya," komposisyon ni Jose Estella at titik ni Severino Reyes, na inawit ni Maria Carpena. Sang-ayon sa mga ulat, ito ang kauna-unahang plaka ng isang Filipino (Yson, 2005). Hindi matukoy kung kailan ito isinaplaka ngunit tiyak na bago 1915, ang taon kung kailan namatay si Carpena sa murang edad na 28. Sayang at hindi narinig ni Carpena ang tinig niya sa himpapawid dahil yumao na siya nang magkaroon ng radyo sa Pilipinas. Ngunit dahil may mga plaka na ng mga awiting Filipino hindi lamang ni Carpena kundi maging ng iba pa, at dahil kailangang lamnan ang mga oras sa himpapawid, isinalang din ang mga plakang ito sa radyo. At dahil sa mainit na pagtanggap ng mga Filipinong tagapakinig, inawit rin nang live ang iba't ibang awitin natin. Nakatulong ang pagdating sa Pilipinas ng teknolohiya ng pagrekord ng tunog at paggawa ng plaka (Yson, 2005), na nagparami sa mga isinaplakang awitin at tugtugin ng mga Filipinong mang-aawit at musikero, 'di lamang ng mga cover ng mga popular na awiting Amerikano kundi ng mga awiting Filipino. Ang cover ay isang bagong pagtatanghal o pagrekord ng mang-aawit ng isang awit na dati nang nairekord ng orihinal o unang umawit, at dito ay itinuring na napakagaling ng mga Filipinong mang-aawit at musikero.

Ilan sa mga isinaplakang awitin ay may pinaghalong Tagalog at Ingles na titik, gaya ng masiglang awiting bayang "Magtanim ay 'di Biro," na may pamagat sa Ingles na "Planting Rice," na isinaplaka ng itinuring na reyna

ng bodabil sa Pilipinas na si Katy de la Cruz (N. Vera Cruz, personal na panayam, Abril, 17 2005). Ang bodabil, o *vod-a-vil*, ay palabas sa entablado na binubuo ng mga pilyong awitan at sayawan, paligsahan sa pag-awit, biruang minsan ay malaswa, at maiikling dulang katatawanan (Ira, 1978). Unang nirekord ni Katy de la Cruz ang “Magtanim ay ‘di Biro/Planting Rice” sa Estados Unidos para sa mga Filipino doon noong dekada beynte. Ito rin ang kaniyang kauna-unahang plaka (N. Vera Cruz, personal na panayam, Abril, 17 2005). Narito ang mga titik ng awitin:

Planting rice is never fun  
Bent from morn ‘til the set of sun  
Cannot stand and cannot sit  
Cannot rest for a little bit

Planting rice is never fun  
Bent from morn ‘til the set of sun  
Cannot stand and cannot sit  
Cannot rest for a little bit

Planting rice is never fun  
Bent from morn ‘til the set of sun  
Cannot stand and cannot sit  
Cannot rest for a little bit

Magtanim hindi biro  
Maghapon nakayuko  
‘Di naman makatayo  
‘Di naman makaupo

Baywang ko’y nangangawit  
Binti ko’y namimitig  
Braso ko’y namamanhid  
Pagkababad sa tubig

Baywang ko’y nangangawit  
Binti ko’y namimitig  
Braso ko’y namamanhid  
Pagkababad sa tubig

(Koro)  
Halina, halina, mga kaliyag

Tayo’y magsipag-unat unat  
Magpanibago tayo ng lakas  
Para sa araw ng bukas (“Magtanim ay ‘di Biro/Planting  
Rice,” n.d.)

Inakit rin ng mga estasyon ang mga tagapakinig na Espanyol at mestisong Espanyol sa pamamagitan ng pagpapatugtog ng mga awitin sa wikang Espanyol, na marami ay isinaplaka ng mga Filipino, gaya ng awiting mula sa Mexico, ang “Preguntas a Las Estrellas,” o sa Filipino, “Tanungin Mo ang mga Bituin.” Isinaplaka ito ng tanyag na Filipinong tenor na si Louis Garcia. Kung may mga pinaghalong Tagalog at Ingles na titik sa ilang kanta, mayroon ding pinaghalong Ingles at Espanyol, gaya ng isang awit na inirekord ni Bimbo Danao para sa Victor Records noong bandang huli ng dekada kuwarenta, ang “It’s Magic,” na hango sa pelikulang Hollywood na *Romance on the High Seas* (1948). Bagama’t sumikat ito pagkaraan ng ikalawang digmaang pandaigdig, kinakatawan nito ang nausong paghahalo ng mga wika sa mga awiting isinaplaka ng mga Filipino simula pa ng panahong Amerikano. Mahihinuhang ang paghahalo ay sadya upang paramihin ang dami ng mga makikinig sa awitin (Enriquez, 2008).

Dahil sa masiglang pagtanggap ng mga tagapakinig sa mga Filipinong mang-aawit at musikero, isinahimpapawid rin ng mga estasyon ang mga hinahangaan at iginagalang na mga Filipinong may talino sa musika gaya ng Manila Symphony Orchestra at mga mang-aawit sa opera na hinasa sa Europa (“A 60-year history of leadership,” 1999). Isa sa kanila ang diva na si Jovita Fuentes, na gaya ng alam natin ay itinanghal noong 1976 na Pambansang Alagad ng Sining. Kauna-unahan si Fuentes sa mga Filipinang itinampok sa opera sa Europa, at pinakakilalang papel niya ang Cio-cio-san sa operang *Madame Butterfly* ni Giacomo Puccini (Maceda, 1994). Narinig sa himpapawid ang mga awit niya, plaka man o live. Isa sa mga plaka niya ang awiting bayang “Ay! Kalisud,” na inirekord noong 1919 ngunit narinig sa himpapawid makaraan ang ilang taon. Ang awiting ito, na nasa wikang Ilonggo, ay malungkot na daing sa nasawing pag-ibig (Enriquez, 2018).

Hindi naman nagtagal mula nang itatag ang radyo sa bansa nang magsimulang marinig ang mga awiting Filipino sa himpapawid. Pinansin ng direktor ng Pambansang Aklatan na si Teodoro M. Kalaw na noong 1929, mas maraming naibentang piyesa, o mga music sheet, ang kundiman, balitaw, harana, at iba pang awiting Filipino kaysa piyesa ng jazz (Yson, 1995). Wika ni Kalaw, ito ay dahil sa madalas na pagtugtog sa radyo ng mga awiting nabanggit. Matatandaang noong panahong iyon at maging hanggang kamakailan, radyo ang pinakamabisang kasangkapan sa pagpapasikat ng mga awitin (Gil, 1997). Sa hanay ng mga awiting Filipino, ang kundiman ang



pinakakinagigiliwan ng mga tagapakinig, kaya ang estilong ito ang hanggang sa ngayon ay maririnig maging sa mga popular na komposisyon sa bansa nitong mga dekada pagkaraan ng Ikalawang Digmaang Pangdaigdig (Gil, 1997).

Isa sa mga pinakabantog na mang-aawit ng kundiman ang bituin ng sarsuwela na si Atang de la Rama. Marami siyang isinaplaka para sa Columbia Records at IBeck Records, kabilang ang mga kundimang “Kamuning” at “Daluyan ng Pagsinta” (N. Vera Cruz, personal na panayam, Abril 17, 2005). Umawit rin si Atang ng mga tinatawag na novelty songs, o mga pilyong awitin, na inawit niya sa mga bodabil, at gayundin sa himpapawid, gaya ng “Kung Umibig ang Matatanda” at “Paganito at Paganyan-ganyan.” Hindi na maisalin ang mga titik ng seryosong awit na “Paganito at Paganyan-ganyan” dahil lubha nang malabo ang tunog ng nag-iisang kopyang natitira, ngunit batay sa isang pagsusuri, isa itong komentaryo sa tinaguriang *colonial mentality* ng mga Pilipino (Somera, 2005). Kabilang si Atang sa mga masidhing nagtanggol ng kundiman sa himpapawid, at noong 1987 ay itinanghal siyang Pambansang Alagad ng Sining.

Marami pang ibang higit na sumikat sa radyo kaysa entablado, gaya ng tenor na si Jose Mossesgeld Santiago, na isa ring naging bituin ng opera sa Europa (Enriquez, 2018). Marami siyang isinaplakang may kaduweto, gaya ng “Dalagang Pilipina” na isinaplaka nila ni Naty de Arellano para sa Columbia Records. Ang awit na ito ay komposisyon ni Jose Santos, na may titik mula sa panulat ng balagtasistang si Jose Corazon de Jesus .

Isang original na komposisyon ni Lamberto Zarcal Camua ang inawit ni Cecil Loyd, na mas kilala sa pangalang Mystery Singer. Ito ang awit na pinamagatang “Rosalinda.” Hindi matukoy kung sino ang sumulat ng titik na nasa Ingles at Espanyol, ngunit maaaring si Lloyd mismo ang sumulat. Narito ang mga titik ng awitin:

Rosalinda, Rosalinda  
Listen while my heart whispers I love you  
Rosalinda, you're my angel  
I adore you, believe me, I do

Señorita, oh, Rosalinda  
Flor del sueño de mi corazon  
If your heart can be mine let me kiss you  
Let your red lips touch mine with a little beso  
If you can't love me just as I love you  
Just a little kiss, dear, I beg of you

Rosalinda, oh please be mine  
Rosalinda, I love you so  
Listen while my heart whispers I love you  
Rosalinda, you're my angel  
I adore you, believe me, I do

Señorita, oh, Rosalinda  
Flor del sueño de mi corazón  
If your heart can be mine let me kiss you  
Let your red lips touch mine with a little beso  
If you can't love me just as I love you  
Just a little kiss, dear, I beg of you (Camua & Lloyd, n.d.)

Kilala rin si Lloyd bilang “Father of Philippine Recording Industry” dahil itinayo niya ang kauna-unahang kompanya ng plaka na pag-aari ng isang Filipino noong 1948, ang Philippine Recording System (Dolor, 2013). Isinaplaka ang “Rosalinda” matapos ang giyera ngunit inawit ito sa radyo bago sumiklab ang digmaan. Nagtapos si Cecil Lloyd ng abogasya sa Unibersidad ng Pilipinas Kolehiyo ng Batas noong 1937 at pumasá sa Bar na may gradong 85. Kaya nang una siyang umawit sa KZRM at KZIB noong dekada treynta, tinawag siyang UP Troubadour (Dolor, 2013).

Habang dumarami ang tagahanga ng mga mang-aawit at musikerong Filipino, dumadalas ang pagtampok sa kanila sa himpapawid. Gaya ng nasabi kanina, itinuring ng mga Amerikano ang radyo bilang mabisang kasangkapan upang mapaamo ang mga Filipino at mapatanggap sa kanila ang pag-iisip, pananalita, at gawing Amerikano. Ngunit naramdaman ng mga Amerikanong nagpapatakbo ng mga estasyon ang mainit na pagtanggap ng mga tagapakinig sa mga palatuntunang tampok ang musika at wikang Filipino. At dahil alam nila na mas maraming tumatangkilik sa programa, mas malaki rin ang kikitain sa adbertaysing, nanaig ang pagiging negosyante at motibong kumita, lalo na noong panimula ng dekada treynta na adbertaysing na ang pinakamalaking pinagkukunan ng sustento ng mga estasyon. Dahil dito, hindi napigilan ang pagdami ng mga himig Filipino at mga mang-aawit, musikero, emcee, at iba pang brodkaster na gamit ang wikang Filipino sa himpapawid.

Dumagsa ang mga sulat ng mga tagapakinig na humihiling na awitin o patugtugin ang mga paborito nilang awitin hindi lamang sa Tagalog kundi sa iba't ibang wikang Filipino, at naging tungkulin ng station manager na humanap ng mga maaaring magtanghal sa himpapawid ng mga hiniling na bilang (*Foto News*, 1937). Kaya bukod sa pagsasaplaka ng mga awiting lokal, namuhunan rin ang mga estasyon sa pagsasanay ng mga Filipinong mang-

aawit na magtatanghal nang live sa himpapawid (F. Trinidad, personal na panayam, Marso 14, 2000). Bukod sa mga mang-aawit at piyanista, halimbawa sina Miguel Velarde Jr., Ariston Avelino, Restituto Umali, at Tito Arevalo; mga bandang Filipino, gaya ng Philippine Constabulary Band at mga banda ng jazz tulad ng kay Narding Aristorenas na isa sa pinakasikat noon; at minsan ay buong orkestra tulad ng Manila Hotel Orchestra at Manila Symphony Orchestra ang nagtatanghal nang live sa himpapawid matapos ang maraming oras ng pag-eensayo (P. Bataclan-Aristorenas, personal na panayam, Marso 17, 2000). Ngunit habang sinasanay sila sa pagtatanghal sa himpapawid, sinanay rin ang marami sa pag-awit at pagtugtog ng himig Amerikano. Sa kabila ng pagsikat ng kundiman at iba pang himig Filipino, naipilit rin ang himig kanluranin. Pinakapopular ang jazz at mga awit sa pelikulang Hollywood, halimbawa ang “Free and Easy” mula sa pelikulang may katulad na pamagat, ginawa ng MGM noong 1930, tampok sina Buster Keaton at Marion Shilling; at “In the Mood” ni Glenn Miller and his Orchestra, mula sa pelikulang *Sun Valley Serenade* na lumabas bago sumiklab ang digmaan noong 1941, tampok sina John Payne at Sonja Henie. ‘Di iilang Filipino ang naging napakahusay sa jazz, kabilang si Priscilla. Maraming mang-aawit at musikerong Filipino ang nahilig sa jazz, marahil dahil sa malayang estilo nitong maaaring pabago-bago o puwedeng mag-ad lib, na nagbigay puwang sa pagkamalikhain ng mang-aawit at sumasalih sa kaniya. Ito rin marahil ang pinag-ugatan ng ngayon ay tinatawag nating Pinoy jazz (Quirino, 2003).

Si Katy de la Cruz, maliban sa pag-awit ng mga awiting bayan at novelty songs, ay umawit rin ng jazz at itinuring pa ngang Queen of Philippine Jazz dahil sa husay niyang mag-scat, o umawit ng kung ano-anong pantig ang sinasabi na walang kahulugan pero ayon sa tono ng kanta (Lo, 2004). Malinaw na nagaya niya ito sa mga Amerikanong sumikat sa pag-awit ng jazz tulad ni Ella Fitzgerald, na itinuturing sa Estados Unidos na reyna ng scat. Magaling daw kasing makibagay at umangkop ang mga musikerong Filipino, at isa sa bunga nito ang paglalakip ng mga elemento ng musikang kanluranin sa mga komposisyong lokal. Nahawig tuloy ang mga komposisyon para sa mga pelikulang Filipino sa musika o scoring ng pelikulang Hollywood, na kapuwa sumikat hindi lamang dahil sa pelikula kundi lalo na sa radyo, na araw-araw na naririnig ng madla, ‘di gaya ng pelikulang minsanan lamang. Kabilang sa mga kompositor na ito sina Miguel Velarde Jr., Ariston Avelino, Restituto Umali, at Tito Arevalo (Kasilag, 1978). Isang magandang halimbawa ang *Giliw Ko* (1939), isang pelikulang musikal sa direksiyon ni Carlos Vander Tolosa, na may mga awiting hiram sa kanluran at orihinal na komposisyong may idyoma o karakter na kanluranin, gaya ng “Oh, Giliw Ko” at “Ang Buhay ng Artista.” Kabilang din ang ilang awiting bayan ng Pilipinas gaya

ng “Bahay Kubo,” na binigyan ni Avelino ng tiyempo at areglong kanluranin, ngunit gayundin ang awit na dito ay nanatili ang idyoma ng kundiman, gaya ng “Tunay na Tunay.” Nakatutuwa ring ang ilang eksena ay ginanap sa loob ng estasyon ng radyo, na makikita sa mga mikroponong may sagisag ng estasyong KZIB at KZRM.<sup>2</sup>

Sa pag-awit nila ng mga popular na awiting Amerikano sa himpapawid, nabighani ang mga Filipino na gayahin ang timbre ng boses at estilo ng mga mang-aawit na Amerikano. May mga paligsahan pa ng pinakamagaling manggagad. Nakilala ang mga nanalo dahil naikabit ang pangalan nila sa mga tanyag na mang-aawit na Amerikano. Kaya si Ding Yalong ay nanalong Bing Crosby of the Philippines; si Koko Trinidad ay itinanghal na Dick Powell of the Philippines (Trinidad, 1986); si Lolita Carvajal na may nanginginig na boses ay tinawag na Dorothy L’Amour of the Philippines (*Foto News*, 1939); samantalang ang Silos Sisters ay tinaguriang Pickens Trio of the Philippines; at si Priscilla ay binansagang Frances Langford of the Philippines (Bataclan-Aristorenas, personal na panayam, Marso 17, 2000 at Agosto 9, 2002).

Gayumpaman, bagama’t nahasa sa musikang kanluranin at wikang Ingles, naigiit ng mga Filipino, halimbawa sina Lina Flor at orchestra ni Remigio Mat. Castro na tumugtog ng mga awiting Tagalog at Bisaya, ang himig at mga wikang Filipino sa himpapawid (“Manila broadcasts in many languages,” 1928). Ginamit nila ang Tagalog sa maraming palatuntunan; inawit ang kundiman at iba pang awiting bayan at maging mga popular na awiting Amerikano na isinalin sa wikang Tagalog. Maraming halimbawa ng mga awiting magkahalo ang mga titik. Mayroon ring mga awit na palaban o bumabatikos sa lipunan. Sa paraang ito, naitaguyod sa himpapawid ang musika, wika, at damdaming Filipino. Ang paghahalo ng lokal sa banyaga ay hindi lamang sa musika at wika kundi maging sa mga patalastas o adbertaysing. Kaya makaraan ang ilang taon lamang ng pagiging tunog “clone” o kopya ng radyong Amerikano (Trinidad, 1986), naisingit sa radyo sa Pilipinas ang mga lokal o dinatnang kultura. Dumami ang mga programa hindi lamang sa Tagalog kundi maging sa ibang wikang Filipino noong dekada treynta. Makikita ito sa talaan ng mga programa noong ika-6 ng Disyembre 1941, bago dumating sa ating bansa ang ikalawang digmaang pandaigdig. Halimbawa, Filipino Program at Tagalog Program sa KZIB; News in Tagalog, Tagalog Gospel Hour, Tagalog Music and Songs of the Islands sa KZRF; at The Mystery Singer (tampok ang American-Filipino na si Cecil Lloyd) at Manila Hotel Orchestra sa KZRH (Enriquez, 2008).

Bukod dito, dumami rin ang musika hindi lang mula sa Estados Unidos at mga bansang Europa gaya ng Italya, Fransiya, at Alemanya kundi maging mga wika mula sa ilang bansang Asya. May mga talumpati, balita, ulat sa panahon, at ulat sa pamilihan hindi lamang sa wikang Ingles at Tagalog

kundi maging sa Espanyol, Tsino, at Thai (*The Tribune*, 1941). Makikita rin sa naturang talaan ang laman ng iba pang palatuntunan, gaya ng *Spanish and South American Airs*, *Chinese Melodies*, *The Chinese Musical*, at *Tango-Rhumba-Conga Time* sa KZIB; *Spanish News* (dalawang beses sa isang araw), *News in Chinese* (dalawang beses rin sa isang araw), at *Music of France* sa KZRM; *Spanish at Latin American Airs* at *Latin American Airs* sa KZRF; at *News in Spanish* at *News in Thai* sa KZRH. Nasa KZND naman ang mga programa sa Sebwano, Tagalog, Pangasinan, at Ilokano, gayundin sa Espanyol, samantalang sa KZRC sa Cebu ay mga palatuntunang Sebwano (Enriquez, 2008).

Noong kalagitnaan ng dekada treynta, matibay na ang tindig ng mga programa sa wikang Filipino sa radyo. Sa KZIB, lima sa anim na programa na may isponsor na adbertayser ay nasa Tagalog; isa lang ang nasa Ingles. Pagdating ng 1940, lamang na ang dami ng mga palatuntunan sa Tagalog sa kabuuang programa ng KZIB (U. Andres, personal na panayam, Setyembre 2000). Noong 1934, sumahimpapawid sa KZRM ang programang *Balagtasán on the Air* na inisponsor ng Elizalde & Co (Jimenez, 1996). Itinampok nito ang mga manunulat at tagataguyod ng panitikang Tagalog gaya ng mga makatang sina Florentino Collantes, Emilio Mar Antonio, Domingo Carasig, at Epifania Alvarez. Sang-ayon sa *Literary Song-Movie Magazine*, (1941) napakaraming nakinig sa Balagtasán sa himpapawid, lalo na sa mga lalawigan. Sinimulang iprodyus ang programa matapos itanghal si Jose Corazon de Jesus bilang “Hari ng Balagtasán” noong 1933 (N. Vera Cruz, personal na panayam, Abril 17, 2005). Isinaplaka rin ni de Jesus ang mga tula sa sarili niyang tinig at isinahimpapawid, gaya ng *Ang Pamana*, *Ang Pagbabalik*, at *Ang Manok Kong Bulik* (Jimenez, 1996; *Literary Song-Movie Magazine*, 1941; N. Vera Cruz, personal na panayam, Abril 17, 2005).

Malinaw na nanghina ang bisa ng radyo bilang kasangkapan ng mga Amerikano upang tuluyang mangibabaw ang kultura nila sa atin, nang dumami ang oras sa himpapawid na nakaukol sa mga palatuntunan sa sariling wika—tampok ang sariling awit, o kaya ay awit na may bahid banyaga man ngunit itinanghal at sa maraming paraan ay binago ng mga Filipino (Enriquez, 2008). Dahil dito, nagamit ng mga Filipino ang isang inangkat na teknolohiya sa pagpapalaganap ng kulturang Filipino, anuman ang naging anyo nito sa mga panahong nabanggit. Marahil ay wala nang gagaling pa kaysa mga blocktimer sa panggigiit ng sariling himig at wika sa himpapawid. Noong mga unang taon ng radyo hanggang panimula ng dekada treynta, karamihan ng adbertaysing sa radyo ay para sa mga bilihin sa mga department store ng mga unang namuhunan sa radyo, gaya ng naipaliwanag kanina (U. Andres, personal na panayam, Setyembre 2000). Nang pumasok ang ibang adbertayser, naging kalakaran na bilhin ng bawat

isang adbertayser ang buong programang tumatagal ng labinlimang minuto. Sila rin ang nagpoprodyus ng programa, na pabor sa estasyon dahil hindi na gagastusan ng estasyon ang pagprodyus, at ibinenta na lang nito ang oras. Bandang kalagitnaan ng dekada treynta, halos lahat ng programa ay nakabatay sa ganitong kasunduan, na tinatawag natin ngayong blocktiming (Enriquez, 2008).

Mga ahensiya ng adbertaysing ang mga unang blocktimer, at karamihan ng mga adbertayser na kliyente nila ay may mga produktong inangat mula sa Estados Unidos (Enriquez, 2008; U. Andres, personal na panayam, Setyembre 22, 2000). Ngunit hindi naglaon ay natutuhan ng ilang Filipino na nasa brodkasting na gamitin ang sistema sa pamamagitan ng pagbili nila ng oras sa himpapawid at pagprodyus ng sariling programa, na dito ay nakapaloob ang adbertaysing ng mga produktong karaniwan ay gawang Filipino. Ang mga Filipinong blocktimer sa panahong ito ay hindi kumatawan sa mga ahensiya ng adbertaysing at hindi rin adbertayser. Karamihan sa kanila ay galing sa bodabil at sarsuwela, tulad nina Atang dela Rama, Frankie Gomez, Andoy Balun-balunan, at Conde Ubaldo, na nakakita ng bagong paraan ng paghahanapbuhay. Maliliit na adbertayser ang mga kliyente nila na hindi nag-isponsor ng buong programa kundi bumili lamang ng ilang sandali. Kaya iba-ibang produkto ang nakaadbertays sa bawat palatuntunan. Kaya ang mga programa nila marahil ang mga unang palatuntunang may higit sa isang adbertayser (Enriquez, 2008).

Gaya ng nasabi sa itaas, karaniwan sa mga patalastas sa mga programa ng mga Filipinong blocktimer ay para sa mga produktong lokal. Halimbawa, kabilang sa mga kliyente ng blocktimer na si Conde Ubaldo ang Ma Mon Luk Restaurant, ang kompanya ng bus na Halili Enterprises, Lavalieri Cosmetics, Bronx Tailoring, Malig Electrical Service, at isang grocery (U. Andres, personal na panayam, Setyembre 22, 2000). Sa programa naman ng blocktimer na si Alejandro Villegas ay mga patalastas ng isang palengke at isang baterya na ginawan niya ng programang pinamagatang *Kiko Baterya, Kiko Bumbilya* (D. Magpayo, personal na panayam, Marso 25, 2000 at Agosto 18, 2001), na itinulad sa variety show sa radyo sa Estados Unidos na pinamagatang *Eveready Hour*. May mga blocktimer na nagprodyus sa iba't ibang wika, kabilang ang Espanyol at Tsino, ngunit karamihan ay sa Tagalog sa mga estasyon sa Maynila at Sebwan sa estasyong KZRC sa Cebu (Reyes, 1995).

Malaki ang kita sa blocktiming. Higit ang kita nila kaysa kung nagtrabaho sila bilang empleyado ng mga estasyon. Ang isang linggong kita ng blocktimer ay katumbas ng dalawang buwang trabaho ng isang pangkaraniwang empleyado ng gobyerno (U. Andres, personal na panayam, Setyembre 22, 2000). Ilan sa mga blocktimer na kumita nang limpak

noong dekada treynta sina Frankie Gomez, ang mag-asawang Alejandro Villegas at Adela Fernando, na mas kilala bilang Andoy Balun-balunan at Dely Atay-atayan, Remigio Mat Castro, at Conde Ubaldo (D. Magpayo, personal na panayam, Marso 25, 2000 at Agosto 18, 2001). Malaya ang mga blocktimer na bumili ng oras sa lahat ng estasyon, 'di gaya ng mga empleyado ng estasyon na hindi maaaring tumawid sa ibang estasyon. Dahil ang nagpapasahod sa kanilang mga mang-aawit at iba pang mga artista ay sila, hindi nakatali ang mga ito sa mga estasyon. Bukod dito, 'di hamak na mas malaki ang pasuweldo ng blocktimer kaysa mga estasyon. Ayon kay Conde Ubaldo (pangalang panradyo ni Ubaldo Urbina Andres), kumikita ang grupo niya nang higit sa limampu't pitong piso (p. 57) bawat linggo samantalang ang pangkaraniwang empleyado ay sumusuweldo ng tatlung piso (p. 30) lamang bawat buwan. Samantala, dagdag ni Ubaldo, hindi inalintana ng mga Amerikanong anawanser ang maliit na sahod dahil ang habol nila ay sumikat sa radyo. Ngunit sa pamamagitan ng blocktiming, natamo ng mga Filipinong blocktimer hindi lamang ang katanyagan dahil sa laksang tagapakinig, kundi maging ang malaking kita (U. Andres, personal na panayam, Setyembre 22, 2000). Samakatwid, pinakinabangan ng mga Filipinong blocktimer ang sistemang ito nang hindi kinailangang mamuhunan nang malaki gaya ng mga nagtayo ng estasyon ng radyo, isang kalagayang maituturing na pagbaligtad ng mga Filipino sa layunin ng mga mananakop at tusong paggamit ng puhunang Amerikano.

Malaya rin ang mga blocktimer sa pagbuo ng mga palatuntunan nila, bagama't karaniwan ay sinundan ang pormula ng bodabil na anila'y gustong-gusto ng mga tagapakinig. Gamit ang sariling wika at himig, naipasok rin sa himpapawid ang sariling kaisipan, kuro-kuro, na karaniwan ay sa pamamagitan ng mga biro at katatawanan. Karaniwang binubuo ang mga palatuntunan nila ng awitan at maiikling dulang katatawanan. Ilan sa mga palatuntunang ito ang *Camay Theater of the Air* (D. Magpayo, personal na panayam, Marso 25, 2000 at Agosto 18, 2001), ang *Glossy Merrymakers* na matagal na sumahimpapawid sa KZIB (Jimenez, 1996), ang *The San Miguel Brewery Hour* sa KZRF tuwing Biyernes ng gabi mula ika-7 hanggang ika-8, na pinrodyus ni Alejandro Villegas. Pinaghalo naman sa palatuntunang *University of the Air* ang Ingles at Tagalog, ngunit kalahati ng programa ay maiikling dulang katatawanan sa Tagalog. Sa programang *Purico Troubadours* itinampok ang mga awiting Tagalog at Bisaya ng orkestrang sa pagkumpas ni Remigio Mat Castro ("1940 Upped Philippine Radio 200 Percent," 1941).

Isang karaniwang gawi ng mga mang-aawit sa mga palatuntunang ito, na hango sa bodabil, ang ibahin ang mga minanang titik ng mga awiting bayan. Hindi miminsan na naging pilyo o medyo bastos pa nga ang kinalabasan

ng mga inibang titik. Taglay ang kilala at simpleng himig na dinagdagan ng mga titik na palabiro at minsan ay may kagaspangan, binaligtad ng mga awiting ito ang pino at disenteng asal na ipinapayo ng mga lektyur sa radyo na ginusto ni Roosevelt na ipangaral sa mga Filipino (“Roosevelt urges Philippines extend radio to the villages,” 1932). Kung iisipin, may taglay na paglaban sa dominanteng kultura ang mga awit na nabanggit. Maging ang reyna ng Kundiman na si Atang de la Rama ay naging blocktimer rin at umawit ng mga awit na ito, na kung tawagin ay novelty songs (Enriquez, 2016). Isang halimbawa ng novelty song ang “Chitchiritchit,” na isinaplaka ng komedyanteng si Vicente Ocampo para sa Columbia, at ibinatay sa awiting bayang “Sitsiritsit.” Maraming ganitong bilang na nanggaling sa bodabil ang itinanghal sa radyo sa mga palatuntunan ng mga blocktimer na Filipino. Minsan ay inaangkin din nila ang mga himig ng mga banyagang awiting popular at nilalapatan ng sariling titik. (Basahin sa ibaba ang tungkol sa “Halo-halo Blues,” na batay sa “Singing in the Rain.”) Mapagbiro, mapaglaro, masigla at madalas ay magaslaw, at kung minsan ay walang pakundangan. Ilan pang halimbawa ng mga awit na ito ang “SSB Smiling Sweet Baby” nina Jerry Brandy Trio na isinaplaka ng Columbia Records, “Awit ng Manok” na isinaplaka nina Andoy Balun-balunan at Dely Atay-atayan, at ang mga pilyang awit ni Katy de la Cruz na “Balut” at “Saging ni Pacing.”

Sang-ayon kay Bienvenido Lumbera (1997), sa kabila ng kolonyalistang layunin na ipatanggap ang kultura ng mananakop sa pamamagitan ng mga anyo ng kulturang kaakit-akit sa sinasakop, upang matanggap nila ang mga institusyon at mga pagpapahalagang makapagpapatatag ng pananakop, maaari pa ring umusbong ang pambansang kultura hindi lamang mula sa pag-uugnay ng mga kulturang lokal kundi maging sa pagbaligtad ng inangkat na kulturang popular at pagbibigay dito ng iba o saliwang interpretasyon. Mailalarawan ng musika sa radyo sa panahon ng Amerikano ang punto ni Lumbera. Sa gitna ng jazz, foxtrot, mga awit sa pelikulang Hollywood, at iba pang musikang popular mula sa America, naigiit ang ating himig sa himpapawid, at may ilan pa ngang bilang na maituturing na palaban at radikal at tahasang makabayan. Taglay ng ilan ang matinding hinaing laban sa kolonyal na kalagayan ng ating bayan, gaya ng mga kundimang “Hibik ng Pilipinas,” “Ibong Sawi,” at “Kantahin ng Ulila.” Maririnig si Jose Mossesgeld Santiago sa “Hibik ng Pilipinas” na sinasambit ang mga salitang:

Ako’y isang binata,  
sa dulo ng silangan,  
na nagmamakaawa  
bigyan ng kalayaan.



Ngayon ako'y may luha,  
humihibik sa bayan. (Santiago, n.d.)

Maging ang ilang novelty song ay may bahid ng paghihimagsik. Halimbawa, sa awit nina German San Jose at Leonora Reyes na pinamagatang “Halo-halo Blues,” mararamdaman ang tunggalian ng lokal at kolonyal na kultura. Gamit ang himig at maging wika ng popular na awiting Amerikano na “Singing in the Rain” ngunit hinaluan ng Tagalog, nagtalo ang dalawang mang-aawit. Ipinilit ni San Jose na mas gusto ng kabataan ang jazz at modernong musika, ngunit iginiit ni Reyes na hinahanap ng mga tagapakinig ang sarili nilang wika at himig. Ganito ang isang bahagi ng kanilang sagutan:

Reyes: Hindi ka na ba nagsawa sa kantang Ingles? Kumanta ka naman minsan ng Tagalog. (sinundan ng pag-awit ng awit sa Tagalog)

San Jose: Maganda nga ‘yan. Ngunit s’yempre gusto ng young generation ng jazz, ‘pagkat up-to-date. (San Jose & Reyes, n.d.)

Sa bandang huli ay nagduweto ang dalawa gamit pa rin ang himig ng “Singing in the Rain,” ngunit habang umaawit si San Jose sa Ingles, lumalaban nang sabayan si Reyes sa Tagalog (San Jose & Reyes, n.d.).

Tila ikinubli naman sa biruan ng mag-asawang Andoy Balun-balunan at Dely Atay-atayan ang taglay na matalas na protesta ng awit na pinamagatang *Alila*, na ipinahihiwatig ang kalagayang kolonyal ng mga Filipino (Fernando, n.d.). Itinulad ng alila sa awit ang kaniyang kaapihan sa katayuan ng bayan, ngunit nagbigay ng pag-asang ginhawa ang kaniyang tayô, na nagpapahiwatig ng pagbabago:

Ang buhay ng alila  
kahit binubusabos  
Minsan-minsan dinadalaw  
ng ginhawa ng loob.  
Gaya ng bayan natin,  
kahit na nasa gapos  
Sa araw ng mga bayani,  
napupuring lubos

Gaya nyaring aking  
abang kalagayan  
Sa lahat ng sandali  
ay inuutusan.

Ngunit kung sumapit  
ang ganitong araw,  
Ang mga hirap ko'y  
Malulunasan. (Fernando, n.d.)

Nuon at ngayon, isang katangian ng brodkasting ang maingay, sabay-sabay, at nagpapaligsahang signal ng mga estasyon na wala halos pahinga sa pagsasahimpapawid. Dahil kailangang punan ang maraming oras at tiyaking kayang lumaban nang sabayan sa kompetisyon, iba't ibang uri ng programa ang naiisipan. Dahil dito, posibleng mabigyang-daan ang magkakaiba at maaaring magkakatunggaling diskurso. Noong panahon ng Amerikano, nagkaroon ng pagkakataong sumahimpapawid ang sinusugpong kultura, kaya ito ay muling pumailanlang at nanuot sa kamalayan ng sinakop. Natigatig ng dumaraming brodkaster na Filipino ang kapangyarihan ng mga Amerikano na kontrolin ang nilalaman ng radyo.

Hindi maikakailang may nabago sa ating musika, sa ating wika. Nang magtagpo, o maaaring sabihing nagbangga, ang dalawa o higit pang kultura, hindi maiiwasang bumuo ng tinawag ng postcolonial na iskolar na si Homi Babha (1994) na “liminal space,” o yaong espasyo sa gitna na dati ay wala, ngunit nilikha ng salungatan, banggaan, at kasunduan ng mga kulturang nagtagpo. Nilayon ng mananakop na itulad sa kanila ang sinakop, at upang maganap ito ay ipinilit ang panggagagad o “mimicry.” Ngunit ang lumabas ay hindi matapat na kopya ng mananakop, dahil hindi maialis na gumitgit at sumingit ang ating kultura. Nakita ito sa maraming halimbawa ng awit at palatuntunan sa radyo na binanggit sa itaas. Halo-halo ang lumabas, o “hybrid,” na ebidensiya ng kabiguan ng mananakop na lubos na ipalunok ang kultura niya sa sinakop. Sa hybrid na ito, o sa liminal space, ay naroon ang kultura ng sinakop, humahalo at minsa'y tinutuya ang kultura ng mananakop (Babha, 1994).

Makikita rin ang panggigiit na ito sa ibang larangan ng kultura ng mga Filipino, gaya ng panitikan, dula, musika sa sari-saring plataporma, sayaw, pelikula, sining biswal, at arkitektura. Sa radyo, hindi kinayang patayin ang mga tradisyonal na awitin, dahil naigiit natin ang ating mga himig sa himpapawid.

## Mga Sanggunian

- 1940 upped Philippine radio 200 percent. (1941, January). *American Chamber of Commerce Journal*, 24(38), 24.
- Babha, H.K. (1994). *The location of culture*. Routledge.
- Barnouw, E. (1966). *A tower in Babel: A history of broadcasting in the United States* [Vol. 1 to 1933]. Oxford University Press.
- A 60-year history of leadership (1999, July 15). *Business World*, p. 21.
- Camua, L. Z. & Lloyd, C. (n.d.). Rosalinda. Mula sa koleksyon ni N. Vera Cruz.
- Dolor, D. (2013, June 9). Remember when? The man behind Mystery Singer. *The Philippine Star*. <https://www.philstar.com/entertainment/2013/06/09/951741/themanbehind-mysterysinger>
- Enriquez, E. L. (2008). *Appropriation of colonial broadcasting: A history of early radio in the Philippines, 1922-1946*. University of the Philippines Press.
- Enriquez, E. L. (2018). *Iginiit na himig sa himpapawid. DZUP* [Video]. YouTube. [https://www.youtube.com/watch?v=PsuzoekBO\\_4](https://www.youtube.com/watch?v=PsuzoekBO_4)
- Enriquez, E. L. (2016). The rise of Tagalog on radio during and after World War II. *Manila: Selected papers of the 24th annual Manila studies conference* [Vol 12.]. Manila Studies Association, Inc. and the National Commission for Culture and the Arts – Committee on Historical Research.
- Fernando, A. (n.d.). Alila. Mula sa koleksyon ni N. Vera Cruz.
- Foto News*. (1939, August). Manila. Mula sa koleksyon ni P. Bataclan-Aristorenas.
- Foto News*. (1937, October 15). 39. Mula sa koleksyon ni P. Bataclan-Aristorenas.
- Gil, B. A. (1997). From kundiman to Manila sounds. In B. Aniceto (Ed.), *Stay tuned: The golden years of Philippine radio*. Rufino J. Policarpio Jr.
- Ira, L. B. (1978). Two tickets to the vod-a-vil: The popular stage takes an uproarious turn and shocks the daylights of our Victorian society. In A. R. Roces (Ed.), *Filipino heritage: The making of a nation*. [Vol. 10] pp. 2508-2510. Lahing Pilipino Publishing Inc.
- Jimenez, A. (1996, July 29). The early days of radio. *Manila Standard*, 33B.
- Kasilag, L. R. Music in a new era: A backgrounder to the successful blending of western ways with Filipino feelings in music. *Filipino heritage: The making of a nation*, (Vol. 10), 2583-2589. Lahing Pilipino Publishing Inc.
- Literary Song-Movie Magazine*. (1941, July). 23. Mula sa koleksyon ni D. Magpayo
- Lo, R. (2004, December 20). Katy de la Cruz: Remembering Mommy Kate. *Philippine Star*. <https://www.philstar.com/entertainment/2004/12/20/267390/remembering-mommy-kate>
- Lumbera, B. L. (1997). *Revaluation 1997*. University of Santo Tomas.
- Magtanin ay'di biro/Planting rice (n.d.). Copy in possession of N. Vera Cruz.
- Maceda, T. G. (1994). Pinoy pop. In N.G. Tiongson (Ed.), *The CCP Encyclopedia of Philippine Art*, Vol. VI (pp. 107-113). CCP
- Manila broadcasts in many languages. (1928, April 1). *New York Times*, Section XX p. 17. US Library of Congress.
- New hands at controls. (2 July 1938). *The Philippines Free Press*, 33. US Library of Congress
- Quirino, R. J. (2003). *Jazz society of the Philippines*. Unpublished manuscript.
- Roosevelt urges Philippines extend radio to the villages. (1932, May 1). *New York Times*, Section IX-1.

- Radio in the Philippines. (1922). *The American Chamber of Commerce Journal*, 17. Mula sa koleksyon ng The American Chamber of Commerce-Philippines.
- Reyes, N. (1995). *Child of two worlds: An autobiography of a Filipino-American. or vice versa*. Anvil.
- San Jose, G. at Reyes, L. (n.d.). Halo-halo blues. Mula sa koleksyon ni N. Vera Cruz.
- Santiago, J. M. (n.d.). Hibik ng Pilipinas. Mula sa koleksyon ni N. Vera Cruz.
- Somera, N. (2005). Lagi kitang mamahalin and Kamuning. *Sanghaya*. <http://sanghaya.net.ph/welcome/2005/12/31/lagi-kitang-mamahalin-and-kamuning/>
- The Tribune* (6 December 1941). US Library of Congress.
- Transportation and communication in P. I. (n.d.). General Records Relating to More than One Island Possession: General Classified Files, 1898-1945. Bureau of Insular Affairs, US National Archives and Records Administration.
- Trinidad, F. (1986). Philippine radio: The early years. In C. Del Mundo (Ed.), *Philippine mass media: A book of readings* (pp. 47-52). CFA Publications.
- Yson, D. (1995). *Broadcasting in the Philippines*. [http://www.parri.com.ph/articles\\_industry.html](http://www.parri.com.ph/articles_industry.html)

## Endnotes

1 Batay sa magkahalong lektyur at konsiyerto na isinahimpapawid sa DZUP, ika-17 ng Abril 2018, 6-8 ng gabi, na kasalukuyang maririnig sa DZUP.org at mapapanood sa [https://www.youtube.com/watch?v=PsuzoekBO\\_4](https://www.youtube.com/watch?v=PsuzoekBO_4)

2 Mapapanood ang isinaayos na natitirang kopya ng pelikula sa <https://vimeo.com/352161069>.

## Grant Support Details

**Author Contributions:** All research activities and writing were done by E. L. Enriquez. The author has read and agreed to the published version of the manuscript.

**Funding:** The author received no specific funding for this work.

**Acknowledgements:** The author would like to thank DZUP 1602, the official radio station of the University of the Philippines, for airing the lecture-concert on which the manuscript was based. The lecture-concert aired in the weekly program “UP Nating Mahal,” which the author hosts, on 17 April 2018. For this episode, the program won the 27th Kapisanan ng mga Brodkaster ng Pilipinas Golden Dove Award for Best Radio Special in 2019.

**Conflict of Interest:** The author declares no conflict of interest.

## About the Author

**ELIZABETH L. ENRIQUEZ** (Ph.D., University of the Philippines Diliman) is a Professor at the College of Mass Communication, University of the Philippines Diliman, where she teaches media history, media theory, political economy of broadcasting, media literacy, and media, gender and sexuality. She is author of the book *Appropriation of Colonial Broadcasting: A History of Early Radio in the Philippines, 1922-1946* (UP Press 2008) and the monograph with video documentary *Radyo: An Essay on Philippine Radio* (CCP 2003), both pioneering and still the only extensive works on Philippine broadcast history, apart from the *CCP Encyclopedia of Philippine Art*, 2nd Ed. (2017), in which she served as writer and one of the two principal editors of the Broadcast Volume.

She was a Fulbright Scholar twice, in 2001-2002 to conduct dissertation research at the US Library of Congress and the US National Archives, and in 2011-2012 as Senior Scholar at the University of Maryland. Before teaching at the University of the Philippines, she worked in radio and television for 17 years, mostly as a broadcast journalist. In 2015, she returned to the air by hosting programs on UP’s official radio station DZUP. She also hosts shows and delivers video lectures on TVUP. corresponding author: [elenriquez@up.edu.ph](mailto:elenriquez@up.edu.ph))